MHSOAC
Mental Health Services
Oversight and Accountability Commission

PAPEL NG DAPAT MALAMAN SA BATAS SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG ISIP (MHSA) – "PROGRESO AT MGA TAMPOK" PAGTAYA NG PETRIS CENTER, MAYO 2010 UNIVERSITY OF CALIFORNIA, BERKELEY

ANG MGA BUONG SERBISYONG PAGTUTULUNGAN NG BATAS SA MGA SERBISYO SA KALUSUGAN NG ISIP (MENTAL HEALTH SERVICES ACT, MHSA)

Higit sa 400,000 tao ang pinaglingkuran sa pamamagitan ng pagpopondo ng MHSA noong FY 2008/09, kabilang ang 25,000 kliyente sa mga Programang Buong Serbisyong Pagtutulungan (Full Service Partnership, FSP).

Ang Mga Programang FSP ay nagkakaloob sa mga kliyenteng may malubhang sakit sa isip ng maraming serbisyo upang makatulong sa kanilang paggaling. Ang Mga Programang FSP ay mas matindi, masaklaw at mas malawak sa abot ng mga serbisyo nito kaysa pangkaraniwang pangangalaga ng kalusugan ng isip. Bilang karagdagan sa paggamot, pamamahala ng gamot, pamamagitan sa krisis, pamamahala ng kaso at suporta ng kapantay, ang Mga Programang FSP ay nagkakaloob din ng mga serbisyong hindi para sa kalusugan ng isip tulad ng pagkain, pabahay, pangangalagang pagbibigay ng pahinga, at paggamot para sa mga kasabay na sakiti, tulad ng pag-abuso ng substansiya.

PAGTAYA NG PETRIS CENTER

Ang Mga Programang FSP ay tinaya kamakailan ng Nicholas C. Petris Center sa University of Berkeley noong Mayo 2010. Ang pag-aaral, may titulong "Evidence on the Effectiveness of Full Service Partnership Programs in California's Public Mental Health System," ay nagpakita ng mga napakamatagumpay na bunga para sa mga kliyente sa Mga Programang FSP. Ang ilan sa mga positibong bungang ito ay itinatampok sa ibaba.

- Ang bilang ng mga walang-bahay ay bumaba mula sa 11% patungo sa 0.02% para sa mga taong namumuhay nang walang tirahan, mga serbisyo o suporta.
- Ang bilang ng mga gumagamit na namumuhay nang independiyente pagkaraan ng 12 buwang paglahok sa Programang FSP ay tumaas ng humigit-kumulang na 20% at nagawang magpanatili ng kakayahang suportahan ang sarili nang higit sa isang taon sa Programang FSP
- Pagkaraan ng 12 buwan, ang kalamangan na gumamit ng mga pang-emerhensiyang serbisyo na kaugnay ng kalusugan ng isip ay 67% na mas mababa para sa mga kliyente sa Mga Programang FSP kumpara sa mga tumatanggap ng pangkaraniwang pangangalaga
- Ang kalamangan na maaresto ay bumaba ng 56 porsiyento kumpara sa mga tumatanggap ng pangkaraniwang pangangalaga
- Ang bungang kaugnay ng pagtatrabaho ay bumuti ng 25% pagkaraan ng 12 buwan
- Ang mga gumagamit ay 30% na malamang magsimula ng programang edukasyon pagkaraan ng 12 buwan.
- Nakakaganap, na kabilang ang nabawasang mga sintomas ng sakit sa isip, mas mahusay na kakayahang asikasuhin ang mga sariling pangangailangan at mas mahusay na kakayahang humarap sa mga problema, ay tumaas ng 27% kumpara sa mga may pangkaraniwang pangangalaga
- Ang ilang bunga, tulad ng paglutas ng problema, pagkontrol sa sarili, pamamahala ng krisis, pagiging epektibo sa pakikisalamuha, pabahay, at mga sintomas ng sakit sa isip, ay bumuti sa ilang mga kliyente ng 30%

TALA:

KAYARIAN NG PANANALIKSIK NG PETRIS CENTER

Ang pag-aaral ng Petris Center ay nakatuon sa pagiging mabisa ng mga programang FSP para sa mga may sapat na gulang at mga nakatatanda noong 2008 at unang bahagi ng 2009 sa pagbawas ng lima ng pitong negatibong bunga na binibigyang-diin ng Batas sa mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip (MHSA) na kabilang ang: pagkabilanggo, matagal na pagdurusa, kabiguan/pagtigil sa pag-aaral, kawalan ng trabaho, at kawalan ng bahay. Hindi isinama ng pag-aaral ang ibang dalawang teritoyo na pagpapakamatay at pagtanggl ng mga anak mula sa kanilang mga bahay.